# The Reason

Copyright© noquane. All rights reserved. 2012

This copy is not for sale. Any form of redistribution, editing or copying is prohibited without the author's consent. Plagiarism is a crime.

All characters in this story are fictitious. Any resemblance to persons living or dead is coincidental and are based on the author's imagination.

# ABOUT THE AUTHOR

Isa siyang sakitin na pusa. Ngayon, favorite na niya ang white marshmallow. Isali mo na rin ang siopao premium. Hilig niyang kumain kaya siya tumataba. Ngayon, gumugulong gulong siya kasi wala siyang magawa.

Basahin mo iba pa niyang gawa sa
http://wattpad.com/noquane

Mag-download din ng copies sa
http://noquanebeheard.yolasite.com

Pero wag niyong angkinin. Dahil kung hindi, isusumpa ko kayong magkapigsa sa pwet poreber!!! MEOW!!!

*This is dedicated to Hello Kitty ☺*

## Dahil ba mahal mo siya kaya ka magpaparaya? O dahil takot kang malaman niya ang rason mo at masaktan siya?

Ako si Hello Kitty. May boyfriend ako, si Dear Daniel. Ten years na kami. Well actually, nung isang linggo, nagpropose siya sa akin. Kaya lang tumanggi ako. Hindi naman dahil ayaw ko sa kanya pero dahil sa isang dahilan na ayaw kong dumating ang araw na iiyak siya at siyempre ako rin. Rare lang ang mga lalaking katulad niya. Kahit minsan, hindi niya ako pinabayaan. Hindi niya ako pinaiyak. Sobrang mahal niya ako. Ewan ko kung bakit. Ako? Mahal ko siya. Sobra! Kaya lang, ako ata yung nag-iisang babaeng nagpaiyak sa kanya. Naalala ko nung high school kami, kasi naman sabi ko ayaw ko siyang kapartner ng rhumba. Eh dun ako na-partner sa karibal niya… sa akin. Sobrang inis niya nun. Natatawa ako habang iniisip ko yung araw nay un. Umalis siya nung kami na ang sasayaw. Hindi ko alam kung san siya nagpunta. Hinanap ko siya pagkatapos. At yun nga, andun siya sa lugar kung saan kami unang nagkita. Nakita ko kung pano niya punasan mga luha niya. Hindi niya alam na nakita ko. Niyakap ko siya sa likod. Nagulat naman siya. Ngumiti lang ako tsaka ko siya pinilit humarap sa akin. Tinanong ko siya kung bakit siya umiiyak. Sabi niya nagseselos daw siya. Kasi, buti pa si Matt eh naisayaw niya ako. Samantalang siya, hindi ko piniling partner. Sabi ko na lang, kahit ilang lalaki pa ang magsayaw sa akin, ikaw pa rin ang one and only last dance ko.

Ngayon, iniisip ko. Di ko matanggap na tinanggihan ko na naman siya. Mas mabigat yun kasi kasal yung tinanggihan ko. Pero ang nakakainis, hindi man lang siya nagalit sa akin o nainis. Sabi niya, okay lang. Maghihintay daw siya hanggang sa handa na ako. Kung ganito kabait ang mapapangasawa ko, hinding hindi ko siya tatanggihan. At ako ang pinakamaswerteng babae sa buong mundo. Kaya lang, kapag nangyari yun, ako ang pinakamakasarili at pinakamasama. Ayoko… Ayokong masaktan ko lang siya.

May kaibigan ako. Nina ang pangalan niya. Maganda siya. Mas maganda pa nga sa akin eh. Sabi ko, kahit anong mangyari, alagaan niya si Dear Daniel. Nagpromise naman siya. High school pa lang, alam ko nang may crush si Nina sa boyfriend ko. Kaya ko siya binibigay sa kanya dahil alam kong hindi na mahihirapan si Nina na mahalin siya. Masama ba ako? Mas masama ako pag hindi ko ginawa ito.

At ayun nga. Nakipaghiwalay ako sa kanya. Masakit. Sobra. Ten years. Mahal na mahal ko siya. Alam kong mas masakit sa part niya. Kasi hindi niya alam. Hindi niya alam yung dahilan. Hindi ko sinabi. Kasi pag sinabi ko, hinding hindi na niya ako iiwan. At yun ang ayaw kong mangyari. Dahil habang sinasamahan niya ako, hindi pinapabayaan, sa darating na mga araw, ako ang mang-iiwan. Ayoko ng makita siyang umiiyak dahil sa akin. Dahil ang luha ng mga lalaki, sobrang mahalaga. Ayokong dumating ang araw na pwede niyang kamunghian ang Diyos at ang mundo. Pero sigurado ako, hindi yun maiiwasan.

Walang may alam sa karamdaman ko. Ako at ang pamilya ko lang. May sakit ako. At yung buhay ko may taning na. Noong una, hindi ko matanggap. Kasi ang bata ko para magkaroon ng endpoint. Sabi nila, pwede pa akong mabuhay pero kailangan ko ng magpa-transplant. Ang sabi ko wag na lang. Nagalit ang mga magulang ko nun saakin. 18 ako nun. Lifespan ko, 25 lang. Natawa lang ako. Kasi, subject ko, sakto bago ko malaman na may sakit ako, Immunology and Serology. Pinag-aralan naming ang Major Histocompatibility Complex (MHC) at Human Leukocyte Antigen (HLA) at kung ano ano pa. Mahirap makahanap ng ka-match mo kasi every person, iba iba ang HLA type. Unless, kung may kakambal ka, parehas kayo ng type. It would take several years bago makahanap. So para san pa ang paghahanap kung sa panahong nakahanap na sila eh patay na ako? O kaya naman, kung sakaling makahanap na sila ngayon at successful, madadagdagan lang ng sampong taon ang buhay ko. Ayoko… gustong tumanda pa… Kaya naman nung gabing yun, naging madrama. Hindi rin nila matanngap. Na ang nag-iisang anak nila eh mas una pang mawawala kesa sa kanila.

Hindi alam ni Dear Daniel eto. Yun yung dahilan kaya ako nag-attempt makipaghiwalay sa kanya nung seven years na kami. Pero hindi ko kaya. At ngayon nga, nakaya ko ng makipag-hiwalay. Kahit masakit, tinanggap ko. Mas magandang makita ko siyang masaya kay Nina kesa umiyak siya sa akin.

Nandito ako ngayon sa hospital. Malala na tong sakit ko. Malapit na. Isang taon na lang. Hindi ako malungkot. Masaya ako kasi, dahil sa akin, nagbati sina Papa at ang tito ko. Dahil sa akin, mas pinapahalagahan ng mga pinsan ko at pamilya ko ang mga buhay nila. Nang matapos silang bumisita, kami na lang ng mga magulang ko ang natira. Naging malungkot na naman ekspresyon ng mukha nila. Ako, ngumiti lang pero hindi abot hanggang mata. Yung mga ganitong eksena alam ko na. Mahal na mahal ko sila…

Bigla akong nahilo. At ayun, nagsuka ako. Yung mama ko, sinuportahan ako, chineck niya vitals ko, heart rate… pulse rate… at kung ano ano pa. Yung papa ko, kumuha ng pamunas at something na lalagyan para dun ako magsuka. After that, pinunasan ng papa ko bibig ko…

**'Sorry po…'** sabi ko. Hinagod ng mama ko likod ko. Yung papa ko, tumingin sa sahig saka ibinalik niya tingin sa akin.

**'Anak, kung alam ko lang kung paano mawala ang sakit na nararamdaman mo…'** sabi ni Papa. **'Kung alam ko lang… sana ako na lang… sasaluhin ko na lang anak. Huwag lang ikaw ang mawala…'** sambit niyang lumuluha na. Si Mama, tumayo at lumabas. Umiiyak din. Ako, hinawakan ko face ni Papa at saka ko pinunasan mga luha niya. Hindi ako umiiyak.

**'I remember what you always say kapag mawawala ka ng isang linggo para sa mga conventions mo. Sabi mo, don't worry, I will come back. Don't be afraid. Be brave okay? You're a big girl now. If you feel like you'll cry, just remember, I am always here.'** Pinatong ko palad ko sa heart ng Papa ko. **'Ngayon po, ako naman ang magsasabi sa inyo… Don't be**

**afraid… Be brave okay? Alagaan niyo po si Mama… pati po sarili niyo wag niyo papabayaan. Alam ko kung gano mo kamahal ang work mo… please eat Papa. Ayokong magkasakit ka… Promise?'** sambit ko sa kanya. Tumango siya. **'Pinky Swear?'** sabi ko at inilahad ko pinky finger ko.

**'Pinky swear'** sabi ni papa. Nag-meet pinky fingers namin. Niyakap ko siya saka lumabas mga pinipigil kong luha. No one can repay a father's cry for her daughter.

Pagkagising ko, may oxygen mask na ako. Hindi ako makapagsalita. Gusto ko tawagin Mama ko. Pero walang lumalabas sa bibig ko. All I can do is to move my eyelids. Walang nakakapansin sa akin. Nahilo na naman ako…

**'Hahahahahaha'** tawa ng isang bata. Natawa din ako kasi ang kyut niya. Kahawig niya si Dear Daniel. May yumakap sa likod ko…

Siya

**'Hello'** nakangiting sambit niya. Ngumiti lang ako.

**'She's five now. Ang kulit niya sobra… kasing kulit mo siya…'** sambit niya saka pinisil ilong ko. Tumawa lang ako.

**'Mommy, mommy laro tayo hide and seek!!!'** sabi ng bata. Tumango lang ako.

**'Si daddy taya!! Kaw taya!'** sigaw niya habang tinuturo si Dear Daniel.

**'Sure baby. Okay, magbibilang na si Daddy… one… two… three…'** hinila ako ng bata palayo.

Nagtago kami sa likod ng puno. Humahagikgik siya habang sinisilip niya daddy niya. Ang cute niya. Gusto ko siyang kausapin pero di ako makapagsalita. Tinititigan ko lang siya.

**'Mommy, you're beautiful! Like me!'** sabi niya sabay humagikgik.

**'Mommy, mommy… look!!!'** sabi niya sa lumilipad na makulay.

**'Butterfly mommy!! Hey butterfly!!'** sabi niya sa lumilipad. Tumango lang ako. Ang kulit niya. Tapos biglang may tumakip sa mata ko. Narinig ko hagikgik ng bata. At nang tinggal na niya palad niya, nakita ko sila. Masaya. Nakangiti sa harap ko.

**'I love you Mommy!!!'** sabi ng bata

**'I love you Hello Kitty'** sambit niya

Nagising ako. May nakahawak sa kamay ko. Ngayon, wala na oxygen mask ko.

**'I love you…'** sambit ng boses sa panaginip ko. Nakita ko siya. Ang lalaking ayaw kong saktan. Heto umiiyak. Ayokong siyang makitang ganito.

**'D-dear Daniel'** mahinang sambit ko.

**'Alam ko na Hello Kitty. Alam ko na ang lahat. Bakit? Bakit di mo sinabi?'** lumuluhang sambit niya.

**'A-ayaw… k-k-kitang mas-sakta-n…'** mahinang sambit ko.

**'Hindi naman kita iiwan eh. Aalagaan naman kita. Di mo ba nakikita? Mahal na mahal kita eh…'** sabi niya.

Yun na nga eh. Kaya mas gusto kong hindi mo alam. Dahil alam kong di mo ako pababayaan.

**'Tanggapin mo na alok ko. Pangako, sayo ko lang ibibigay puso ko. Hintayin mo lang ako..Please? I love you… I want to spend the rest of my life with you...'** sambit niya.

Why??? Why are you doing this to me? Why are you doing this to yourself? Please… Please don't be stupid… I don't want to break your heart…

**'One year na lang buhay ko… sasayangin mo ba buhay mo para sa akin?'** umiiyak na tanong ko.

**'Oo dahil mahal kita! Hindi ako maghahanap ng iba. Ikaw lang. At hindi ko matanggap na pinaraya mo ako at ibibigay lang kay Nina… Ikaw ang mahal ko… Bakit mo ginawa yun???'**

**'Dahil ayaw kitang masaktan, ayaw kitang makitang malungkot at umiyak dahil sa akin… dahil… dahil mahal na mahal kita… sobra… '**

Tahimik lang kaming dalawa.

**'Pag nakahanap ba ako ng pari ngayon, papakasalan mo ako?'** biglang tanong niya sa akin.

**'Anong pinagsasabi mo?'** tanong ko sa kanya.

**'Just answer me!!!'** sigaw niya. Naluha ako.

**'Yes'** sambit ko. At mabilis siyang tumakbo. Bigla nanikip dibdib ko. Hindi ako makahinga… Nasan sila Mama?? Ang sakit… Hindi ko na kaya… Nawawala na paningin ko… Last thing I saw was my mother running towards me…

## *Dear Daniel's POV*

**'Please father…nagmamakaawa ako…'**nakaluhod pa ako.

**'Pero wala pang kontrata'** sabi ng pari.

Bakit ba may kontrata pa??? P*tang ina naman!!! Wala sa papel ang basehan ng pagmamahal!!!

**'Please…'** marami pa akong sinabi hanggang sa…

**'Sige…'** at hinila ko na yung pari papuntang hospital. Hindi na ako nagtanong pa kung bakit ginawa ni Hello Kitty sa akin to. Isa lang alam ko. Pinoprotektahan niya ako dahil mahal niya ako.

**'Hello Kitty! Andito na ka---'**

**'Ahy sir, wala na po yung naka-bed dito.'** Sabi ng nurse na naglilinis.

**'San siya???'** sigaw ko. Wag mong sabihing…

**'Nilipat na po…'** mahinang sambit niya.

**'SAAN???'** sigaw ko. Hysterical na ako.

**'S-sa CCU po.'**

**'Saan yon???!'**

**'Sa baba po. Coronary Care Unit po number 4'**

**'Sige, salamat.'**

At tumakbo ako papuntang CCU. Pagdating ko doon, nakita ko siya. Maraming nakalagay sa kanya. Minomonitor heart rate niya, cardiac output, pulse rate…lahat! Tinawag ko pa rin yung pari. Sabi ko simulan na niya. Nagulat mga magulang niya. Pero sabi ko, kanina pumayag na siya. Naiintindihan nila ako. At nagsimula na…

**‘I do…’** sabi kong umiiyak. Umiiyak din mga magulang niya.

Pagkatapos ng kasal naming, hindi ko na siya iniwan. Sinasamahan ko mga magulang niya. Minsan, kaming dalawa lang ng Mama niya.

**‘Daniel, magpalit ka na muna’** sabi niya

**‘Okay lang po. Dito muna ako. Gusto ko siyang makitang gumising’**

**‘Haaayy, maswerte ang anak ko. Mahal mo talaga ano?’**

**‘Ako pa ang maswerte sa kanya. Opo sobra’** seryosong sambit ko.

**‘You know, nung nalaman naming may sakit siya, parang gumuho mundo naming. Sino ba namang hindi? Mag-isa naming anak…Haay…’** sabi ng Mama niya. Tumutulo na luha niya. **‘Bakit kapag anak ang nawalan ng magulang ulila ang tawag nila.Pero bakit pag magulang ang nawalan ng anak, walang tawag? Ano bang tawag sa magulang na nawalan ng anak??’** patuloy na sambit niya.

Wala akong naisagot. Naluluha din ako.

**‘I’ve never been there when she needed my help as a mother. I was busy saving other people’s lives. At sarili kong anak…di ko maisalba…’** ngayon umiiyak na siya ng todo. **‘It hurts to see my daughter in this condition…and I can’t do anything. I wish…I could turn back time. Sana natuunan ko siya ng pansin. I wanted to be always there for her…not like this…’** niyakap ko Mama niya. Nag-iyakan kaming dalawa.

Dear Daniel,

Nakakatawa no? Pangalan mo eh pambati!!! Haha. By the way, I forgot to tell you something…I LOVE YOU SO MUCH! Siguro pag natanggap mo tong sulat na to, wala na ako. Sorry kung tinago ko sakit ko. Ayaw lang kitang masaktan. I love you always remember that okay? No matter what I tell you, wag kang maniwala. What I mean is, yung parang itinataboy kita. Promise! Ayokong sabihin yun.

Gusto kong ikaw ang makasama ko habang buhay. Gusto kong maging mommy ang nanay mo, daddy ang tatay mo, maging ate ang Ate Kris mo. At higit sa lahat, maging tatay ka ng anak natin. Kaya lang, mukhang hindi na mangyayari yun. May sakit ako…at ilang taon na lang, mawawala na ako. Ayokong maging malungkot ka.

Eto lang masasabi ko. Lagi kang ngumiti pag maaalala mo ako. Wag kang iiyak please??? Ayokong makita kang umiiyak. Magandang alaala lang tanawin mo. Wag mga malungkot kasi malulungkot din ako para sayo. Whenever you miss me, just put your hand on chest and there, I say, I Love you soooo much!!!!

~Hello Kitty

Eto yung sulat na iniwan niya sa Papa niya. Paulit ulit ko itong binabasa dahil para ko na rin siyang kausap pag binabasa ko tong sulat niya. Nawala siya after three days ng kasal namin. Never na siyang nagising noon. Sobra ang iyak ko nun, pati mga magulang niya. Second death anniversary niya ngayon. Two years ko na rin siyang asawa. Andito ako sa puntod niya.

Dalawang beses sa isang linggo ko siya dinadalaw simula noon. Dahil siya lang ang tinitibok nito. Siya lang ang babaeng mahal ko at mamahalin ko habang buhay… At umaasa akong sana, ako pa rin kahit sa kabilang buhay. Hintayin mo lang ako…

**'Happy second anniversary babe. I love you so much. I miss you… sobra'** sambit ko.

Mahal kita Hello Kitty…

*Fin.*

*-noquane*